

Kailan ang Tamang Panahon?

(Kuwentong Hango sa Totoong Buhay)

Kuwento ni
Joan Carmona Borgonia

Guhit ni
Jimmy K. Laranjo







Mga Kasanayan sa Pagkatuto

Nakabubuo ng isang kuwentong katumbas ng napakinggang kuwento (F3PN-Ij-10).

Nakasusulat ng isang ulat tungkol sa isang pangyayaring napakinggan (F3KM-Ij-4).



Treasury of Storybooks

.....

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Borgonia, Joan Carmona. *Kailan ang Tamang Panahon*. DEPED-BLR 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Joan Carmona Borgonia
Illustrator: Jimmy K. Laranjo

Learning Resource Managers: Christopher P. Felipe
Analiza C. Almazan

Davao del Sur
Region XI


**Kailan ang
Tamang Panahon?**



“Tay, kailan po ba ang tamang panahon?” tanong ni Meynard habang tumutulong sa ama.

“Depende iyan anak,” tugon ng ama. “Gaya mo, may tamang panahon kung kailan ka magtatapos ng pag-aaral, magkakatrabaho o kaya ay mag-aasawa,” pagpapatuloy ng ama. “Katulad ng mga pananim natin, may tamang panahon kung kailan sila pwedeng anihin upang makatulong sa atin.” “Ganun po ba?” tanong ni Meynard sa ama. Tumango ang ama sa anak habang patuloy na inaalis ang mga ligaw na damo sa kanilang luntiang mga pananim.






“Nay, bakit po miminsan lang tayo namamasyal o kaya ay naliligo ng dagat gaya ng mga kapitbahay natin,” tanong ni Meynard sa ina. Tumingin ang ina sa anak at sinabing, “Bakit hindi ka ba masaya dito sa bahay kasama ang mga kapatid mo?” “Hindi naman po, kasi po parang ang saya-saya pong mamasyal sa ibang lugar,” wika ng bata. Ngumiti ang ina sa anak at sinabing, “Meynard, darating din ang tamang panahon.”

“Kailan kaya iyon?”
tanong ni Meynard sa sarili.




Dala-dala ni Meynard ang tanong sa munting isipan kahit na sa eskwela. Nasa ikaapat na baitang siya noon. "O, Meynard, nandiyan ka na pala. Naglilinis ka nga pero bakit parang ang lalim-lalim ng iniisip mo?" tanong ng guro na si Gng. Rellon. "Wala po Ma'am. Naiisip ko lang po bakit kaya may tamang panahon. Meron din po bang maling panahon?" usisa ng bata. Napangiti ang guro sa tanong ng mag-aaral at akmang sasagot ng tumunog ang bell. "Ayan na ang tamang panahon, Meynard. Takbo na sa pila," wika ng guro. "Opo Ma'am," sagot ng bata.






Pilit kinalimutan ni Meynard ang mga wikang yaon. Binuhos niya ang panahon sa pagtulong sa magulang at pag-aalaga sa mga kapatid lalong-lalo na pagdating sa pag-aaral. Hindi siya pumapasok o umuuwi mula sa eskuwela na hindi kasa-kasama ang mga kapatid niya. Palagi niyang iniisip ang kapakanan nila. Ayaw din niyang nag-aalala ang kanyang mga magulang patungkol sa mga kapatid niya.





“Nasaan na kaya ang mga kapatid ko. Ah, ayun pala at naglalaro. Halina kayo. Uwi na tayo at baka mag-alala si nanay,” tawag ni Meynard sa mga kapatid. “Opo kuya,” sabay na sagot ng mga bunsong kapatid niya. Binaybay nila ang kahabaan ng daan pauwi sa bahay. Sa araw-araw na ginagawa ng Diyos, nilalakad niya ang papunta at papauwi sa paaralan akay-akay ang mga maliliit na mga kapatid.






Isang araw, naisip ng mag-asawa na ipasyal ang mga anak. Sasama sila sa kanilang mga kaibigan at kapitbahay na maliligo sa dagat.


“Meynard, halikayo ng mga kapatid mo,” sambit ng nanay sa mga anak.


“Bakit po nanay?” tanong ng bata sa ina. “Dumating na ang tamang panahon upang mamasyal,” pangiting sabi ng ina. “Talaga po?” manghang sabi ni Meynard. “Oo anak, bukas maligo tayo ng dagat!” bunyag ng ina. “Dagat? Maliligo tayo ng dagat? Maliligo tayo ng dagat!” Masayang sigaw ni Meynard.






Maaga pa lang ay nakahanda na ang lahat. Naghanda si nanay ng masasarap na pagkain. Ang tatay naman ay naghanda ng malinis na tubig na maiinom habang nasa dagat. Buong sigla silang sumakay sa isang malaking trak na magdadala sa kanila sa isang Beach Resort.






Punong-puno ng tawanan ang biyahe. Dahil nasa likod sila ng malaking trak, tanaw ni Meynard ang mga tanawin sa daan. Kahit malamig ang hangin dahil maaga pa, hindi niya ito ininda dahil iniisip niya na tiyak na masaya ang araw na ito para sa buong pamilya nila kasama ang iba pang mga kapitbahay.






Habang binabaybay ng kanilang sinasakyang trak ang kalsada, isang di-malilimutang pangyayari ang sumubok sa katatagan ni Meynard. “Naku, ang traysikel mahahagip!” sigaw ng mga sakay ng trak. Tinabig ng drayber ng trak ang manibela upang maiwasan ang traysikel. Sa kasamaang-palad, nawalan ng balanse ang trak.





Gumewang-gewang ang trak.
“Ang mga bata!” sigaw ng mga nakakita. Segundo ang pagitan ng nakaakmang panganib. Ramdam ni Meynard ang malaking peligro nito sa buhay niya at kanyang kapatid. Kailangan niyang kumilos! Hinila niya ang kanyang kapatid na nasa tabi niya at itinulak sa likod. Saktong pagkaggawa niya nito ay tuluyang natumba ang trak.






Hindi magkamayaw ang lahat sa pagligtas sa sarili. Kanyang nakikiramdam sa sakit ng katawan dulot ng aksidente.

“Aaahhhh! Tulong! Tulungan po ninyo ako!” sigaw ng isang tinig.


Pagtingin ng lahat sa pinagmulan nito, nakita nila si Meynard, duguan at halos wala ng malay. Naipit ng trak ang kanyang kanang paa habang sinasagip niya ang kanyang kapatid.






“Anak!” sigaw ng ina. Tulong!
Tulungan ninyo kami! Maawa po
kayo,” pagsusumamo ng ina.
Napatakbo ang ama at nagimbal
sa sinapit ng anak. “Tulungan ninyo
kami! Iligtas ninyo ang anak ko.
Maawa kayo sa kanya,” bulalas ng
ama.






Nagkumpulan ang mga tao.
Mabilis silang umaksyon upang
masaklolohan ang bata. Pinilit
nilang iangat ang trak, subalit, bigo
silang gawin ito. Pumapalahaw na
si Meynard sa sakit na
nararamdaman. Unti-unti ng
pumapaos ang boses niya. Unti-
unti na siyang nawawalan ng
malay.





Muling nagsusumamo ang ina.
“Maawa kayo, gumawa kayo ng
paraan. Parang awa nyo na.”
Humagulgol siya nang humagulgol
sa sinapit ng anak. Hawak niya ang
kamay nito at pilit pinatatatag ang
kanyang kalooban.







Dumating ang mas marami pang saklolo. Tulong-tulong ang lahat na maiangat ang trak. Sa awa ng Diyos, kanila itong nagawa at naialis ang bata sa kanyang kinalalagyan. Sinugod siya sa pagamutan. Sa tulong ng mga dalubhasang doktor, nailigtas si Meynard sa tiyak na kapahamakan. Lubos ang pasasalamat ng kanyang mga magulang sa tulong na kanilang natanggap.




Pagkalipas ng ilang linggo, "Meynard! Meynard! Nasaan ka anak?" sambit ng ama. "Nandito po ako tatay," sagot naman ng bata. "O, handa ka na bang pumasok sa eskwela?" tanong ng ama. "Aba'y opo! Sabik na akong makita ang aking mga kaklase lalo na ang aking guro!" Okey lang ba sa'yo anak na pumasok na nakasaklay?" tanong naman ng nanay. "Wala pong problema ang mahalaga po ay buhay ako at nailigtas ko ang aking kapatid," sabi naman ni Meynard. Buong pagmamahal na niyakap ng mga magulang ang anak at buong pagmamalaking inihatid sa paaralan.





“Maligayang pagbabalik Meynard!” sigaw ng mga kaklase. “Salamat sa inyo,” sabi naman ni Meynard. Lumapit sa kanya ang kanyang mga guro at niyakap siya. “Ipinagmamalaki namin ang kabayanihan mo Meynard. Pagpalain ka nawa ng Diyos sa iyong nagawa,” sabi ng kanyang guro. “Salamat po Ma’am,” pangiting sagot ng bata.






Hanggang ngayon, patuloy na nag-aaral si Meynard sa hayskul. Kasama ang mga kapatid at ang kanyang bagong kaibigan, ang kanyang saklay, pilit pa rin niyang iniintindi ang kahulugan ng mga salitang 'tamang panahon'. Putol man ang kanyang paa, buong sigla pa rin niyang ginagawa ang kanyang tungkulin bilang mabuting anak, kuya at mag-aaral.




Draw ng
Pera



Pinarangalan siya ng lokal na pamunuan ng kanilang bayan dahil sa kanyang kabayanihan noong taong 2015. Ipinagdiwang ng bayan ang kanyang kabayanihan na kanyang ginampanan sa napakamurang edad. Maliban sa karangalang natanggap, hinding-hindi matatawaran ang kanyang saya ng makatanggap ng bisikleta mula sa isang sikat na artista na dating kapitbahay niya





Sa kasalukuyan, patuloy pa ring binabaybay ni Meynard ang kalsada papunta at pauwing paaralan upang tuparin ang kanyang mga pangarap para sa sarili at sa kanyang pamilya.

Hanggang sa kasalukuyan, pilit pa rin niyang inaalam ang sagot sa tanong na, 'kailan ang tamang panahon?'



Tungkol sa May-akda



Ang may-akda ay guro ng Hagonoy Central Elementary School, Hagonoy I District, Division of Davao del Sur, Region XI. Siya ay aktibong tagapagtaguyod ng Reading Program Implementation sa kanilang purok at dibisyon. Kabilang siya sa may-akda ng mga Lap Books sa English, Fundamentals of English Grammar Handbook at Division Initiated Reading Inventory Assessment Passages na kasalukuyang ginagamit ng mga guro at mag-aaral sa buong Dibisyon. Pinamunuan din niya ang paggawa ng mga Reading Kit na ginagamit bilang Intervention Reading Material sa kanilang purok at isa din sa mga may-akda ng Learner's Material at Teacher's Guide sa Araling Panlipunan, Baitang Dalawa, na hanggang sa kasalukuyan ay ginagamit ng mga mag-aaral at mga guro sa mga rehiyon na gumagamit ng wikang Cebuano.

Tungkol sa Tagaguhit



Ang tagaguhit ay guro ng Ramon Magsaysay Central Elementary School, Digos Oriental District, Division ng Digos City. Nagtuturo sa ikalimang baitang sa mga asignaturang MAPEH at EPP. Itinalagang ICT coordinator ng kanilang paaralan. Kabilang rin siya sa mga napiling mga tagaguhit ng naturang dibisyon. Naging Tagasanay ng ibat-ibang kumpetisyon sa larangan ng pagguhit.

Kailan ang Tamang Panahon?

“Anak!” sigaw ng ina. Tulong! Tulungan ninyo kami! Maawa po kayo,” pagsusumamo ng ina.

Tuluyang nagbago ang takbo ng buhay ni Meynard ng siya ay nasa ikaapat na baitang ng isang pagsubok ang dumating sa kanyang buhay.



Anong pagsubok kaya ang dumating sa buhay ni Meynard? Napagtagumpayan kaya niya ito?